

## Ang Pagkatawag Kay Moses

(Exodus 2:23 - 4)

Si Moses ay ang batang Israelita na tinuring na anak ng Prinsesa ay lumaki sa palasyo. Nang siya ay binata na, dinalaw niya ang kanyang mga kababayan. Nakita niya ang hirap na dinadanas nila dahil sa mahirap na gawain. Nakita niya rin kung paanong sinaktan ng isang Egyptian ang isang Israelita. Nang wala ng ibang tao sa paligid, pinatay niya ang Egyptian at tinabunan ito ng buhangin.



Nakarating sa Faraon ang ginawa ni Moses kaya't ibig niyang patayin ito ngunit siya ay nakatakas na. Nakarating si Moses sa Midian at doon siya nanirahan at nagkapamilya.

Lumipas ang maraming panahon, patuloy ang pagdaing ng mga Israelita sa Diyos dahil sa pang-aalipin sa kanila ng mga Egyptians. Narinig ng Diyos ang kanilang daing at naalala ang pangako Niya sa kanilang mga ninuno. Naawa ang Diyos sa kalagayan ng mga Israelita.

Samantala habang nagpapastol si Moses ng kawan ng kanyang biyenan na si Jethro, nagpakita sa kanya ang anghel ng Diyos sa pamamagitan ng isang mababang punongkahoy na nagliliyab ngunit hindi nasusunog. Nang lapitan niya ito, tinawag siya ng Diyos: "Moses, Moses. Ako ang Diyos na sinamba ng iyong mga ninuno. Nakita ko ang pagpapahirap na ginagawa ng mga Egyptians sa mga Israelita at narinig ko ang kanilang daing. Bumaba Ako dito upang iligtas sila." Sinabi pa ng Diyos na puntahan niya ang Faraon upang ilabas ang mga Israelita mula sa Egipto at dalhin sila sa lupang ipinangako Niya sa kanilang mga ninuno.

Hindi naging madali para kay Moses na sumunod sa inutos ng Diyos. Sinabi ng Diyos na hindi Niya siya pababayaan. Upang paniwalaan siya ng mga Israelita, sinabi sa kanya ng Diyos na gawin ang iutos sa kanya. Ipinahagis ng Diyos kay Moses ang kanyang tungkod sa lupa at ito ay naging ahas. Nang ipakuha

ito ng Diyos, ito ay muling naging tungkod. Sinabi pa ng Diyos na ilagay ni Moses ang kanyang kamay sa loob ng damit, nang ilabas ni Moses ang kanyang kamay ito ay nagkaroon ng sakit sa balat. Ipinasok niya ito muli sa damit at ng ilabas ay nagbalik sa dati ang kamay.

Muling pinakita ni Moses ang kanyang pagaalinlangan nang sinabi niya na hindi siya mahusay magsalita. Sinabi ng Diyos sa kanya na Siya ang magtuturo kay Moses ng kanyang mga sasabihin.

Ngunit sinabi ni Moses "Panginoon maaari bang iba na lang ang inyong isugo?". Dahil dito nagalit ang Diyos kay Moses. Kaya sinabi ng Diyos kay Moses na pasasamahin Niya si Aaron na kanyang kapatid bilang kanyang tagapagsalita sa mga tao. Habang si Moses naman ang magiging tagapagsalita ng Diyos kay Aaron.

Umuwi si Moses at nagpaalam sa biyenan niyang si Jethro. Sinakay niya sa mga asno ang kanyang asawa, mga anak at naglakbay patungong Egypt dala ang kanyang tungkod.

Ang Diyos ay makapangyarihan. Walang imposible sa Kanya. Pinamalas Niya kay Moses ang Kanyang kapangyarihan at kung paano niya maipapakita ito sa mga Israelita. Binibigyan ng Diyos ang tao ng kakayanan na minsan ay parang imposible sa atin, para sa Kanyang layunin. Naniniwala ka ba na walang imposible sa Diyos?

